# Hindi Ito ang Araw na Iyon, Tungkung Langit

JOSHUA ALEJANDRO C. DIOKNO

Sa kabila ng napakarami mo nang paggising, sa napakaraming mga umagang tulad nito, hanggang ngayon hindi mo pa rin alam kung papaano sisimulan ang araw. Ang tanging nalalaman mo'y ikaw ang dahilan ng lahat. Ikaw ang may sala at wala nang iba.

Hindi ka naman masisisi kung bakit naglakas-loob kang bumaba mula sa kaluwalhatian ng iyong kabundukan, lisanin ang kapanatagang dala ng preskong ihip ng hangin at ng katahimikang kahit kaila'y hindi makikilala ng mga mortal. Alam mo rin namang hindi ka suwerte. Hindi naman totoo ang mga ganoong bagay. Gawa-gawa mo lang naman ang mga paniniwalang iyon noong mga panahong pinamumunuan mo pa ang Banal na Konseho: noong mga panahong nasa sa iyo pa ang kapangyarihan upang lutasin ang kaguluhan, utusan ang mga tubig na maghiwalay upang malantad ang tuyong lupa, noong mga panahong nakikinig pa ang liwanag at init ng araw, noong mga panahong katabi mo pa si Alunsina.

Ano nga bang naisip mo Tungkung Langit at tinalikuran mo ang lahat ng hindi masukat na kapangyarihan at kinain ang pagkain ng mga tagalupa? Hindi ba't ikaw at ang Banal na Konseho ang siyang nagtakda ng batas na iyon—na kung sino mang diyos ang kumain ng bunga ng halamang nakaugat sa lupa, o ng hayop na ipinanganak sa ibabaw nito'y maisusumpang hindi na muling makababalik sa kabanalan at tiyak na mamamatay tulad ng mga mortal? Hindi mo alintana ang inakda mong batas. Desperado kang mahanap si Alunsina.

Kung sa bagay Tungkung Langit, may mga pagpapasya kang nakabuti sa iyong mga nilikha. Magandang hakbang ang pagsaboy mo ng mga alahas ni Alunsina sa kalangitan. Dahil dito'y nagkaroon ng liwanag ang pusikit na kadiliman ng malalalim na gabi. Lamang, hindi mo naman talaga ito ginawa para sa mga mortal. Gusto mo lamang naman talaga siyang bumalik. Hindi ba't nababalani ang iyong asawa sa magaganda't mararangyang bagay? Ngunit nagtagumpay ka ba?

Siguro hindi na naman ito kailangang itanong pa kung talagang tumalab ang plano mo. Kaya heto ka ngayon, nakaupo sa dulo ng kama mong hindi mo na naman aayusin bago ka umalis. Niyayapos ka ng init ng lupang nitong mga nagdaang linggo ay para bang may hindi bumaba-babang lagnat. Tagaktak na ang pawis mo kahit hindi ka pa kumikilos. Magpupush-up ka pa ba bago

umalis? Alam mong kailangan. Baka matiyempuhan mo si Alunsina at hindi niya magustuhan ang hubog ng katawan mong kay tagal na ring walang ensayo sa pangangaso. Hindi na katulad ng dati ang mundo, sa kanayunan ka na lang makapangangaso. At hindi mo roon piniling manahan.

Bagkus, ang salaulang lungsod ang naging pangmatagalan mong tirahan. Dito sa isang maliit na apartment sa halos gumuho nang tenement housing. Hindi mo alintana ang gulo. Ang baho. Hindi mo rin alintana na ipinagawa ito ng isang diktador. Walang bagahe ang ganitong mga bagay sa'yo. Ang mahalaga, may mauuwian ka upang ipahinga ang isip mo't katawan.

Matapos maligo, tumingin ka sa salamin. Ang lalim na ng mga mata mo. Humpak na ang mga pisngi mong matagal na ring hindi nakatitikim ng halik ng babae. Yung huli, kinailangan mo pang bayaran at tawaran. Noong unang mga pagkakataon, may ginto ka pang pambayad. Sa katunayan, ipinasuot mo pa ang isa sa mga ginintuang kuwintas ni Alunsina bago mo trabahuhin ang isa sa mga babaeng nakuha mo sa Maynila.

Pero iba ang pakiramdam. May tamis. May sarap. Ngunit kulang. Walang sustansya. Wala ang hindi mo mapangalanang damdamin. Pinasok mo ang masikip niyang laman. Napakapit siya sa bawat indayog ng bewang mo. Sumirit ang tamod. Napasinghap siya. Napa-ungol ka. Nanlambot. Tapos.

Nagbihis ka dahil alam mong mahuhuli ka na. Saglit lang ang inilagi mo sa CR dahil kakaunti lang ang naipon mong tubig noong madaling araw at wala nang lumalabas sa gripo ngayong umaga. Bahagya kang nainis dahil alam mong mahaba-haba pa ang lalakarin mo bago makarating sa sakayan. Magbibilad ka naman sa nakapapasong araw na hindi ka na kilala. Matagal na mula nang huli mong naramdaman ang ihip ng hanging Amihan sa iyong mukha. Pero, kahit kailan nama'y hindi mo nagustuhan iyon hindi ba? Hindi ba't siya ang ipinadala ni Alunsina upang pagmatyagan ka? Hindi ba't siya ang patunay ng kawalang-tiwala niya sa iyo? Nainis ka sa alaalang ito. Kinuha mo na ang balat mong bag na itim, tumingin muli sa salamin nang ilang segundo, naglakad papunta sa pinto, at lumabas.

Hindi ka nagkamali. Palalong sumisikat ang araw. Kung hindi ka nagkakamali, nung tumingala ka't sinubukang sipatin ang mukha ng araw sa kabila ng nakabubulag na liwanag, nakita mo itong nakangiti. Hindi, tumatawa ito. Humahagalpak. Hindi mo malaman kung ikaw ang pinagtatawanan. Hindi mo alam kung dahil ba sa alam niya ang tungkol sa walang-bunga mong paghahanap sa selosa mong asawa o sa desisyon mong maglagi sa mundo. O dahil ba sa inaakala niyang isa ka rin lang mortal na napangingibabawan ng kanyang kapangyarihan? Mahirap tuntunin ang sagot. Baka mahilig lang talaga siyang tumawa nang walang dahilan.

Napadaan ka sa isang area ng informal settlement. Lagi mo itong nadaraanan kapag naglalakad ka papunta sa sakayan. Sa pagkakataong ito, napansing mong mas magulo ang lagay nito kumpara sa kadalasan. Marami ang nagmimiron sa kalsada. Nagsisitanghod at umiiling-iling. May mga bumubulong-bulong at may malakas ang pag-uusap. Sa hindi gumagalaw na trapiko, marami ring nakikiusyoso mula sa mga jeep, kita rin ang ilang mga mukha mula sa mga pribadong sasakyang nagtataka sa nangyari.

Nagulat ka nang makita mong nausok pa ang ilang sunog nang barong-barong. May ilan pang mga residente ang may dala-dalang mga bag, gula-gulanit na backpack, mga supot, o 'di kaya'y mga nanggigitatang sako. May ilang mga batang uhuging may uling sa mukha ang nag-iiyakan. Ilang matatanda ang nakatingin sa mga natupok nilang tirahan. May isang babaeng naka-duster ang naglulupasay sa isang tumpok ng graba na may dalang tela na parang lampin ng bata. Napatda ka nang panandalian. Nagtaka sa kung ano ang sanhi ng sunog. Nagpatuloy ka sa paglalakad.

Sa MRT station, parang sawa ang mga pila. Pasikut-sikot ang mga ito sa mga haligi. Ang mga taong nakapila, walang pakialam sa matinding sikat ng araw na tumatama sa kanilang mga mukha. Nagpapaypay ang mga ito kahit wala namang nahihitang lamig. Nakatingin ka sa lahat ng ito. Sa kabilang panig ng estasyon, nasipat mo ang isang babaeng may mahabang buhok na may suot na hapit na puting v-neck shirt. Malusog ang dibdib nito. Nakatuck-in ang pang-itaas nito sa isang acid wash na pantalon na tastas ang bandang hita. Nakasuot ito ng maroon na de-takong na sapatos. Nakasukbit sa kaliwa nito ang isang maroon ding buri na bag na may animo'y nakatirintas na brown na tali bilang hawakan. Gamit ang kaliwang kamay, sinusuklay ng babae ang hanggang-dibdib na unat at itim nitong buhok.

Naalala mo si Alunsina. Sino pa ba? Naalala mo na hilig din niyang suklayin ang itim at unat niyang buhok na hanggang bewang. Lamang, ang sa kanya isang ginintuang payneta na may disenyong maliliit na perlas sa hawakan, di katulad sa babaeng nakaputi na isang itim na plastic comb lang. Malinaw na malinaw sa iyo ang imahen ni Alunsina na nagsusuklay sa may entrada ng inyong tahanan, nakaupo sa kahoy na papag, sa tabi'y may sumisiyap-siyap na matabang maya. Naalala mong tumingin siya sa 'yo.

*Ano'ng oras ang balik mo?* Tanong niya.

Oras. Estranghero sa 'yo ang salitang iyon. Alam mo ang kahulugan, ngunit, walang halaga sa 'yo. Yoon ang araw na pinalayas mo siya. Yoon ang huling araw na nakita mo siya.

Basta babalik ako. Lagi naman akong bumabalik. Ikaw lang ang hindi makapaghintay.

Bumalik si Alunsina sa pagsusuklay ng kanyang buhok. Mayroon siyang inaawit na hindi mo makilala.

Sa kabilang platform, dumating na ang tren at ikinubli mula sa iyo ang babaeng nakaputi. Ilang segundo pa, umandar ang tren at tuluyang binura ang imahen ng babae.

Sa opisina, hindi mo matapos-tapos ang paglalampaso sa sahig sa pantry. May daraang empleyado para magtimpla ng kape sa counter. Maya't maya, may pupunta sa water dispenser para kumuha ng malamig na baso ng tubig. Maya-maya pa'y may mauupo na't manananghalian sa foldable dining table na yari sa fiber plastic.

Napapanatili ang kaputian ng ibabaw ng mesa dahil sa laging pagsabon mo't pagkuskos dito kapag may natatapong sarsa o ulam. Ugali mo na ring itabi ang mga naiwang baso at platong pinagkainan na nakaliligtaan ng mga empleyado. Naisip mo, mahirap na. Naalala mo kasi nang minsang hindi mo naitabi ang

mga ito. Kinuhanan ng litrato ng isa sa mga Team Lead ng kumpanya ang mga naiwang kasangkapan at ipinadala sa group chat na may kasamang pagalit. Naasar ang mga empleyado. Hindi naman sa 'yo. Pero kahit na, isip mo.

Habang nanananghalian, pinag-usapan ng mga empleyado ang Team Lead nila. May pumuna sa hindi nito paggabay at pagte-train ng parehong new hires at old employees sa floor. May nagsabi namang nangungha ito ng credit para sa ginawa ng ibang empleyado. May mga nagreklamo na pahirapan daw ang mag-file ng leave kahit na balido ang mga dahilan. May mga natatawa naman dahil mahirap intindihan ang mga email nito dahil bobo raw itong mag-Ingles. Nauwi ang usapan sa pagsasabi ng iba na magre-resign na raw sila. Ang iba naman, aasa na masisibak ang Team Lead bago matapos ang taon.

Nang matapos ang mga empleyadong kumain, ikaw naman ang naupo sa puting mesa. Kinuha mo ang smartphone mo at nagsimulang tumingin sa Social Media. Tulad ng dati, sinuyod mo ang napakaraming profile ng mga babaeng may mahabang itim, at unat na buhok. Ito ang pumaslang sa mga nalalabing oras ng trabaho mo.

Madilim na sa labas nang makapag-out ka. Maraming taong naghihintay ng jeep papunta sa MRT. Walang paggalaw ang mga pribado at pampublikong sasakyan sa kahabaan ng abenida. Nandoon pa rin sa may stoplight ang manong na nagtitinda ng mais at mani. Hindi nito alintana ang pagbabawal sa paglalako sa mga alanganing lugar. Palipat-lipat naman ang ilang mga batang gusgusin at kulay-kalawang ang buhok sa mga dyip. Ang iba, may dalang mga tambol na yari sa lata ng gatas ng sanggol, umaawit sa ilang dyip kapalit ang kaunting barya. Ang iba, may dala-dalang mga basahan at namumunas ng mga sapatos.

Nang maging malinaw sa 'yo na matagal pa ang pag-usad sa highway, nagsimula ka nang maglakad.

Walang hangin. Parang kinukuyom ang buong katawan mo ng bigat ng init ng lupa. Tumingala ka't naisip na makiusap kay Labing Daut, ngunit naaalala mong matagal na siyang bingi sa iyo. Naisip mo, baka hindi ka na talaga nila naririnig simula nang bumaba ka't kumain ng bunga ng lupa.

Naglakad ka at naramdaman mong dumidikit na ang t-shirt mo sa lagkit ng katawan mo.

Nang malapit ka na sa estasyon ng MRT, muli kang tumingin sa malalaking salaming bintana ng isang ukay-ukayan. Nakatayo ang ilang mga lumang manikin, naninilaw na ang makunat na plastik na katawan ng mga ito. Gayak ng ilan ang mga bestidang gamit na. Pinagtangkaang pagmukhaing pustura ng mga saleslady ang mga ito sa pamamagitan ng paglalagay ng ilang piraso ng mumurahing kuwintas sa leeg; may gawa sa tanso, stainless steel, studs, at rhinestones. Ang ilang mas pinalad na manikin, may Swarovski. Alam mo ang mga ito dahil alam mo ang tunay na hiyas mula sa nagpapanggap lamang.

Ang tagal mo na nga palang nagdaraan dun tanto mo. Sa bawat pagdaan mo, pansin mong nag-iiba lamang ng gayak ang mga babaeng manikin. Lahat ng ito, nakakulong sa perpetwal na estado ng pagtawa habang unti-unting nagbibitak ang kanilang mga mukha.

Pagkarating sa maliit mong kuwarto sa apartment, binuksan mo ang dilaw na ilaw. Ibinaba mo ang maliit na de-sukbit mong balat na bag, tinanggal

ang pawising t-shirt, nagtungo sa kama at napahiga sa paanan nito.

Hindi agad pinahintulutan ng pagod ang pag-iisip. Nang mahimasmasan ka, si Alunsina agad ang pumasok sa kamalayan mo:

Si Alunsina na sa tuwing pag-uwi mo matapos ang mahabang araw ng pangangaso ay mamasahihin ang nanakit mong mga masel. Si Alunsina na kukuha ng isang maliit na ginintuang batya. Lalamnan niya ito ng tubig na kasinlamig ng hamog. Babaran niya ito ng isang puting bimpo. Pipigain niya ang bimpo at ipapahid sa iyong noo. Hahagurin niya ang bimpo patungo sa iyong mukha na agad magtatanggal ng isang-daang kapagalan mula rito. Hahagurin niya ito sa iyong matigas na dibdib, pababa sa iyong pusod. Kukunin mo ang kanyang kamay at hahalikan ito nang mariin. Matapos ay sasapuin mo ang kanyang mukha na kasingkinis ng perlas na kay hirap paghahanapin sa ilalim ng dagat. Hahalikan mo ang kanyang mga labi. Tatanggalin mo ang kanyang pang-itaas. Tutuntunin ng iyong mga labi ang malalambot niyang kaselanang matagal mo nang teritoryo ngunit hindi pa rin mapangalanan. Maglalaro ang iyong mga kamay at daliri sa bawat pulgada ng kanyang balat. Makararating ang iyong mga labi sa kanyang pagkababae at doo'y mananatili ito upang halikan. Susuysuyin ng iyong dila ang kaloob-looban nito upang paghahanapin ang mga lihim niyang ligaya. Matapos nito'y papasukin mo siya upang paulit-ulit na kilalanin. Hanggang sa maging iisa lamang ang inyong paghinga. Hanggang sa magmistula kayong isang libo't isang bituin na nagsasama-sama upang magsabog ng liwanag sa kaluwalhatiang bubuo ng mga sapa ng taginting, dadaloy sa walang katapusang kalawakan, maglalalang ng mga planeta at ilan pang mga katawang-langit na hanggang ngayo'y hindi pa rin kilala ng Agham.

At mapagtatanto mo Tungkung Langit, sa loob ng kuwarto mong hubad at nanggigitata ang mga dingding, sa kama mong umiingit at hindi napapalitan ng kobre, sa kama mong ilang beses nang naging tagpuan ng iyong pantasya, na mag-isa ka lang. Malagkit ang iyong kanang kamay sa sumirit na semilyang wala na talagang mabubuong kahit na ano.

Hindi ka iiyak Tungkung Langit. Hindi mo paninindigan ang mga kuwento tungkol sa iyong pagtangis at paghiyaw sa kaluwalhatian dahil hindi mo mahanap ang sarili mong asawa. Hindi. Hindi ito ang araw na iyon.

Sa labas, nagulat ang mga tao sa lakas ng kulog at nakabubulag na latay ng kidlat.

At nagsimulang umulan sa lupang matagal nang nilalagnat, hinuhugasan ang lungsod na araw-araw namamatay.